## ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle – Dasmarinas

**Direksyon:** Bagong Bayan, Dasmarinas, Cavite

**Pamagat:** Suliranin at *Coping Mechanism* ng mga Mag-asawang Walang Anak ng Molino Bacoor, Cavite at ang Implikasyon nito sa kanilang Kasiyahang Pangmag-asawa.

**Mga May Akda:** Sheryll Grace Alcantara
Sanwenn Picson

**Pinagkunan ng Pondo:** Mga magulang **Halaga:** P 4,000

**Nagsimula:** Oktubre 1997 **Natapos:** Marso 1998

**LAYUNIN NG PAG-AARAL:**

**A. Pangkalahatan:**

Ninanais ng pag-aaral na ito na alamin ang mga sanhi, suliranin, *coping meschanism* at ang mga implikasyon nito sa kasiyahang pangmag-asawa ng mga mag-asawang walang anak ng Molino Bacoor, Cavite.

**B. Tiyak:**

Ninanais ng pag-aaral na ito na alamin ang mga sanhi, suliranin, mga uri ng *coping mechanism* ng mga mag-asawang walang anak at implikasyon sa kasiyahang pangmag-asawa.

Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-asawang walang anak na nagsasama ng limang taon pataas at nakatira sa Soldier Hills IV, Queens Row, Bayang Pag-asa ng Molino Bacoor, Cavite. Ang mga mag-

asawang walang anak lamang ang pinag-ukulan ng pansin para sa pag-aaral na ito at ang mga nilalaman ay naaayon lamang sa representasyon.

**METODOLOHIYA:**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-asawang walang anak na nagsasama nang mahigit sa limang taon ng Molino Bacoor, Cavite.

Isang deskriptibong disenyo ang ginamit ng mga mananaliksik. Ginamit ito upang ilarawan ang mga sanhi, suliranin, *coping mechanism* at ang lebel ng kanilang kasiyahang pangmag-asawa at upang makakuha ng mga bagong kaalamang makapagbubukas sa isip ng tao. Tatlong klase ng instrumentasyon ang ginamit ng mananaliksik: Marital Satisfaction Scale at sinuportahan ng Seven Dimensions of Life para masukat ang lebel ng kasiyahang pangmag-asawa at makita sa ngayon ang kanilang katayuan sa buhay. At ang ikatlo ay *open-ended questions* para lalong makita ang kasiguraduhan at katotohanan sa pagsagot ng mga kalahok.

**PANGKALAHATANG RESULTA:**

Ayon sa pagsusuri ng mga mananaliksik, mas maraming pagkakataon na ang lalaki ang dahilan ng hindi pagkakaroon ng anak. Ang kalimitang dahilan nito ay ang kakulangan sa bilang ng similya, ernia, komplikasyon sa nakaraang sakit tulad ng tipos o sipilis, at sugat o sakit sa ari. At sa babae naman kalimitang dahilan ay ang abnormal na bukol sa matris.

Karaniwang suliranin ng mag-asawang walang anak ay ang pagkaramdam ng kalungkutan at ang pag-iisip na hindi buo ang kanilang pagkatao. Para naman sa kanilang *coping mechanism,* nag-aalaga sila ng mga pamangkin at/o mga hayop at binubuhos ang oras sa trabaho.

**KONKLUSYON:**

Ayon sa interpretasyon ng mga mananaliksik, napatunayan na kahit walang anak ang mga mag-asawang kalahok, masasabi pa ring kuntento sila sa ganitong buhay. Hindi ito nakakaapekto sa kanilang pagsasama bagkus lalo pa silang napapamahal sa isa't isa.

**REKOMENDASYON:**

Ang mga sumusunod ay inirerekomenda batay sa resulta ng pananaliksik:

1. Magkaroon ng higit pang malalim na pag-aaral ukol sa:
    - 1.1 Mag-asawang boluntaryo at inboluntaryong hindi magkaroon ng anak.
    - 1.2 Epekto o reaksyon ng mga mag-asawang nakakaalam at hindi nakakaalam na sila ay walang kakayahang magkaroon ng anak.
2. Bigyan pa ng pagsasanay ang mga kalahok ukol sa kung paano nila mapapanatili ang pagkakuntento ng kasiyahang pangmag-asawa. (hal. kasanayang pangkomunikasyon, kompatibilidad etc.)

3. Magkaroon ng *support system* galing sa malalapit sa kanila katulad ng magulang, kamag-anak at mga kaibigan.
4. Maglunsad ang gobyerno ng programa hindi lamang sa *family planning* kundi pati na rin sa *infertile program* para sa mga mag-asawang hindi magkaroon ng anak.
5. Magdisenyo ng epektibong modelo sa *marital counseling* at magkaroon ng epektibong *therapy*.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines